



ASSESSABLE PAYROLL (TATAYAHING TALAAN NG PASAHOD)

Bawat taon, ang mga employer ay nagrereport ng talaan ng pasahod sa Workers Compensation Board of Manitoba (WCB, Lupon ng Kabayaran ng mga Manggagawa ng Manitoba) upang magamit sa pagkukwenta kung magkano ang mga premium na dapat bayaran ng employer para sa pagsakop ng seguro sa kabayaran ng kanilang mga manggagawa (compensation insurance coverage).

Ang Talaan ng Pasahod ay binubuo ng mga kita ng mga manggagawa, kita ng mga kaswal na manggagawa at ang bahagi ng trabaho ng mga kabayaran ng mga kontratadong manggagawa. (Para sa karagdagang impormasyong espesipikong patungkol sa mga kontratadong manggagawa, tingnan ang FAQ Assessment Schedule for Contract Labour (Mga Dapat Malaman – Iskedyul ng Pagtatasa para sa Kontratadong Trabaho na nasa WCB website). Ang mga employer ay hinihiling na ireport kapwa ang kanilang kabuuan ng talaan ng pasahod at ang kanilang tatayahing talaan ng pasahod. Para sa karamihan ng negosyo, ang mga halagang ito ay pareho.

Ano ang pagkakaiba sa pagitan ng talaan ng pasahod at mga kita?

Para sa mga layunin ng WCB, ang mga kita ay tumutukoy sa kung ano ang bayad sa bawat indibiduwal na manggagawa para sa kanilang trabaho. Ang talaan ng pasahod ay tumutukoy sa kabuuang kita ng lahat ng pinagsama-samang nasakupan na mga manggagawa (hindi kasama ang mga indibiduwal na mayroong Personal na Pagsakop) at maaari ding maisama ang mga kita para sa mga indibiduwal na hindi binigyan ng isang T4slip ng negosyo.

Ano ang pagkakaiba ng kabuuang talaan ng pasahod sa tatayahing talaan ng pasahod?

Ang halaga na inireport ng mga employer, kada manggagawa, ay napapailalim sa isang cap, o pinakamataas na antas ng tatayahing mga kita. Ang mga employer ay hindi sinisingil ng premium sa bahagi ng mga kita ng manggagawa na lumalampas sa pinakamatass na tatayahing mga kita. Para halimbawa, kung ang pinakamataas na tatayahing mga kita sa 2020 ay \$127,000, at ang lahat ng iyong mga manggagawa ay kumikita ng mas mababa sa halagang iyon, sa makatuwid ang kabuuang talaan ng pasahod at ang kabuuan ng tatayahing talaan ng pasahod ay pareho ang halaga.

Kung meron mang indibiduwal na manggagawa o mga manggagawa na kumikita ng higit sa \$127,000 sa 2020, sa makatuwid ang employer ay dapat ireport ang mga kita ng mga indibiduwal, hanggang lamang sa pinakamataas na tatayahing mga kita.



Ang kabuuan na halaga ay tinuturing na kabuuang talaan ng pasahod at ang mga nalimitahang mga kita ay tinuturing na tatayahing talaan ng pasahod.

Halimbawa kung paano gagamitin ang pinakamataas na antas ng tatayahing mga kita:

Isang negosyo ay mayroong dalawang manggagawa sa taong 2020. Ito ay aasamin na ang isang manggagawa ay kikita ng \$130,000 at ang ibang manggagawa ay kikita ng \$105,000. Ang pinakamataas na tatayahing mga kita ng bawat manggagawa sa 2020 ay \$125,000.

Ang kabuuang talaan ng pasahod ng employer ay \$235,000
($\$130,000 + \$105,000 = \$235,000$).

Ang tatayahing talaan ng pasahod ng employer ay \$232,000
($\$127,000 + \$105,000 = \$232,000$).

\$230,000 ang halaga na gagamitin ng WCB para matukoy ang premium ng employer.

Ano ang pinakamataas na antas ng tatayahing mga kita?

Sa 2020, ang pinakamataas na antas ng tatayahing mga kita ay \$127,000.

Para sa mga manggagawa na may mga kinikita sa maraming probinsiya at may kabuuang mga kita na labis sa pinakamataas na tatayahing mga kita, ang kanilang mga kita ay maaari nilang tayahin sa lahat ng mga probinsiya.

Ang pinakamataas na antas ba ng tatayahing mga kita ay magagamit sa lahat ng klase ng pagsaklaw?

Ang pinakamataas na antas ng tatayahing mga kita ay hindi magagamit para sa Personal na Pagsaklaw na maaaring mabili ng mga isang nagmamay-ari, mga kasosyo o mga direktor - ang mga indibidwal na ito ay sasailalim sa Pinakamataas na antas ng Opsyonal na Pagsakop na kung saan sa 2020 ay \$513,990.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Personal na Pagsakop, tingnan ang seksyon ng Personal Coverage na makukuha sa website ng WCB.



Kung ang aking premium ay nakabatay sa pinakamataas, ang mga benepisyo ba ng mga manggagawa ay limitado din sa pinakamataas?

Ang mga benepisyo sa kawalan ng suweldo na ibabayad sa mga napinsalang manggagawa ay hindi limitado ng pinakamataas na tatayahing antas na mga kita. Ang mga indibiduwal na mayroong Personal na Pagsakop ay may kanya-kanyang mga benepisyo sa kawalan ng suweldo na limitado sa halaga ng pagsakop na binili (hanggang sa sa Pinakamataas na antas ng Opsyonal na Pagsakop).

Mayroon bang pinakamababang antas ng tatayahing mga kita ng mga manggagawa?

Hindi, walang pinakamababang antas ng tatayahing mga kita ng mga manggagawa.

Anong mga kita ang itinuturing na tatayahin kontra hindi-tatayahin?

Ang tatayahing talaan ng pasahod ay isinasama ang mga kita ng mga manggagawa, mga kita ng mga kaswal na trabahador at ang bahagi ng trabaho ng mga kita ng kontratadong manggagawa. Sa pangkalahatan, kung ang mga kinita ay maaaring pabuwisan ng Canada Revenue Agency (CRA) at naisaad sa T4 ng manggagawa, ang mga kinita ay dapat maisali sa mga halaga na iyong irereport sa WCB. Kung hindi mo kinakailangang ireport ang mga kita sa CRA, sila ay hindi karaniwang itinuturing na tatayahing mga kita at hindi kailangang isama sa kalkulasyon ng iyong talaan ng pasahod para sa WCB.

Ang Apendiks A ay naglalaan ng mga halimbawa ng kapwa tatayahin at di-tatayahing mga kita.

Puna: ang mga halimbawa ng mga tatayahin at di-tatayahing talaan ng pasahod ay maaring mabago sa anumang punto kung babaguhin ng CRA ang kanilang mga patakaran humigit-kumulang sa anong mga kita ang ibilang na dapat ipagbayad ng buwis o kaya ang WCB ang magpapasya ng ibang kabayaran na sasailalim sa pagtatasa.



Apendiks A

Tatayahing mga Kita

Anumang mga kinitang T4'd o hindi T4'd na kinita na iniulat sa CRA (Canada Revenue Agency). Bilang karagdagan, ang mga sumusunod na bagay ay tatayahin din:

Kapalit na trabaho para sa mga serbisyo
Mga miyembro ng pamilya (kapag ang mga kinita ay itinala sa mga talaan ng negosyo ngunit hindi sa CRA)
Mga Boluntaryong Manggagawa ng Bumbero at ambulansiya (premium na bilang ng tao, hindi mga kinita)

Walang-Tatayahing Mga Kita

Lupon ng Direktor (mga operasyong mangmunisipyo), hindi T4'd, nabayaran para sa mga pagpupulong at mga tungkuling inspeksiyon)
Mga benepisyo sa pagkamatay
Mga dibidendo (binayaran sa mga shareholders sa T5)
Sobrang kita (mga kinita na higit ng taunang pinakamataas na tatayahing antas na mga kita)
Gastusing nakalaan pambayad para sa nagboluntaryo
Mga honoraryum
Mga konsehal ng munisipalidad (na walang awtorisa sa kumseh)
Kita sa labas ng probinsiya na nabayaran sa mga ibang WCB
Mga kita ng mga labas na trabahador tulad ng tinukoy ng ang <i>Workers Compensation Act ng Manitoba</i>
Pensiyon at mga pagreretirong benepisyo
Panunumbalik ng mga gastusin (di-kailangang buwisan)
Mga alawans sa pagreretiro na nabayaran sa terminasyon / Mahabang serbisyo / pagkawala ng kabayaran sa opisina
Bayad sa paghiwalay/separasyon batay sa taon ng serbisyo
Pagbayad muli sa mga utang ng shareholder
Naitalang bayad sa pagkakasakit na binayaran ng employer
Mga kita ng mga direktor ng isang korporasyon
Mga kita ng kasosyo ng isang rehistradong pakikipagsosyo
Mga kita ng Nag-iisang May-ari
Mga gantimpala sa estudyante, mga honorarium, mga bursaryo, mga salaping paggugol sa isang iskolar, sa kondisyon na ang mga ito ay hindi natanggap na kundisyon sa pagtrabaho.
Mga benepisyo ng WCB

Ang lathalang ito ay ipinapagkaloob bilang pangkalahatang impormasyon. Hindi ito nilalayan na maging legal na payo, at hindi dapat asahan na bilang tulad. Para sa mas tiyak na impormasyon, tingnan ang *The Workers Compensation Act and Regulations and WCB Policies*. Ang mga dokumentong ito ay makukuha sa website ng WCB sa wcb.mb.ca.